



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG UNANG ESPESYAL NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 15 OKTUBRE 2010 GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Elsie F. Galaran
Konsehal Arnel F. Fabon
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Lee M. Baculinao
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Rufino D. Lumbres - Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento - Pangulo, Pambayang
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Absent: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 060

Taong 2010

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO, G. EDWIN G. EUSTAQUIO.

SAPAGKAT, ang pagpanaw ng isang taong minamahal at iginagalang na ama ng tahanan ay labis na ipinagdaramdam ng kanyang mga naiwan;

SAPAGKAT, si G. Edwin G. Eustaquito ay naging kawani ng pamahalaang bayan bilang Driver simula 1982 hanggang 1993 at simula ng taong 2007 hanggang sa kanyang pagpanaw noong Oktubre 12, 2010 bilang Watchman;

SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang paglilingkod bilang kawani ay nagpamalas siya ng kasipagan at pagtitiyaga sa pagtupad ng tungkulin at responsibilidad sa pamahalaang bayan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayang ito sampu ng mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa pagyao ng isang kaibigan at kasama sa gawain.


DAHIL DITO sa mungkahil ni Konsehal Lee M. Baculinao na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong kawani ng pamahalaang bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, G. Edwin G. Eustaquio ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang asawa at mga anak ni G. Edwin G. Eustaquio lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat: 15 Oktubre 2010


PINATUTUNAYANG WASTO:



TEOFILA F. FAINA

Iumatayong Kalihim ng Sanggunian

PINAGTIBAY:



VIOLETA L. DIMAPILIS

Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo